Helen Berents, Ingrid Valladares,
Yulia Nesterova, & Katrina Leclerc

Abril 2026

# HIGIT SA KONSULTASYON: INTERGENERATIONAL ENGAGEMENT SA YOUTH, PEACE, AND SECURITY

## MGA ARAL MULA SA MGA PROSESO SA PAGGAWA NG NATIONAL ACTION PLAN SA FINLAND, PILIPINAS, NIGERIA, AT DEMOCRATIC REPUBLIC OF CONGO



## PAGKILALA

Ang proyektong iyo ay pinondohan ng isang research grant mula sa Bernadotte Academy (FBA), (Hulyo 2024-Disyembre2025), at magkasamang pinamumunuan nina A/Prof Helen Berents (Griffith), Dr Yulia Nesterova (Glasgow), Dr Ingrid Valladares (Griffith), at Dr Katrina Leclerc (Saint Paul/Winnipeg).

Kami ay lubos na nagpapasalamat sa lahat ng nakilahok sa pananaliksik na ito. Ang mga pananaw at katapatan niyo ay napakahalaga. Espesyal na pasasalamat kina Erika Yague at Emilia Hannuksela.

Maraming salamat sa suporta mula sa aming
**Youth Expert Advisory Team:**

Democratic Republic of Congo: Lydie Mungala at Marie-Rose Tshite.
Finland: Camilla Ojala at Paula Pättikangas
Nigeria: Stephanie E. Effevottu at Rafiu Adeniran Lawal
Pilipinas Brian Delos Santos at Rodolfo M. Matucan Jr

**Inirerekomendang pagbanggit:** Berents, Helen, Valladares, Ingrid, Nesterova, Yulia, and Leclerc, Katrina. 2026. *Higit sa Konsultasyon: Intergenerational Engagement sa Youth, Peace, and Security: Mga Aral mula sa mga Proseso sa Paggawa ng National Action Plan sa Finland, Pilipinas, Nigeria, at Democratic Republic of Congo*. Griffith University: Brisbane Australia. https://doi.org/10.25904/1912/5917

FBA

GRIFFITH UNIVERSITY

University of Glasgow

SCHOOL OF CONFLICT STUDIES
SAINT PAUL UNIVERSITY

THE UNIVERSITY OF WINNIPEG | Human Rights



# TALAAN NG MGA NILALAMAN


01 **INTRODUKSYON** ........ 4

Pagbibigay Kahulugan sa Intergenerational Engagement ...... 5

02 **ANG PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK** ........ 6

03 **ANO ANG PAKINABANG NG INTERGENERATIONAL ENGAGEMENT?** ........ 7

04 **MGA PROSESO NG PAGBUBUO NG NAPYPS SA BAWAT BANSA** ........ 8

Finland ........ 8
Nigeria ........ 8
Democratic Republic of Congo ........ 9
Pilipinas ........ 9

05 **MGA NATUKLASAN** ........ 10

Mahalaga ang mga Ugnayan ........ 10
Dapat ay ayon sa Konteksto ang Intergenerational Engagement ........ 12
Ang Kahalagahan ng Espasyo para Lamang sa Kabataan ..... 14
Kilalanin ang Pagkakaiba ng Konsultasyon at Intergenerational Engagement ........ 16

06 **REKOMENDASYON** ........ 18

07 **MGA KONKLUSYON** ........ 20



# 1. INTRODUKSYON

Sa loob isang dekada mula nang itatag ang YPS agenda, tumaas ang interes sa intergenerational engagement (pakikipag-ugnayan sa pagitan ng henerasyon) bilang paraan ng pagsulong ng agenda at pangunahing pagpapahalaga. Gayumpaman, walang pinagkasunduang pag-unawa kung ano ang intergenerational engagement, o kung paano ito sistematikong kinikilala at sinusuportahan.

Sa madaling salita, walang gaanong pag-unawa paano isinasagawa ang pakikipag-ugnayan at pakikipag-usap sa pagitan ng henerasyon. Ang malinaw dito ay ang ay masalimuot na malampasan ang paghahati sa pagitan ng mga henerasyon dahil sa pagdududa, tunggalian, at poot[1], lalo na't sa kasalukuyang pagtingin sa mga kabataan bilang mga salarin o biktima ng karahasan, tangi sa roon ay ang kanilang pakikilahok ay tinitingnan bilang *tokenized*, instrumental, at simboliko lamang.

Patluoy ang pag-kabahala sa mga balakid ukol sa tunay at makabuluhang partisipasyon ng mga kabataan sa mga gawaing patungkol sa kapayapaan at seguridad. Maaaring mababaw ang paraan ng partisipasyon ng mga kabataan (tokenistic engagement), sa paraang pag-iimbita sa kanila na lumahok sa mga prosesong naitakda na ang agenda ng mga nakakatanda (non-youth[2]) , at halos walang pag-asa para sa pangmatagalang pakikisangkot.[3] Lahat ng mga alalahaning ito ay nagpapakita ng patuloy na agwat ng kapangyarihan sa pagitan ng kabataang peacebuilder at mga prosesong institusyonal. Habang maraming kalahok ang patuloy na nagsisikap na tugunan ang mga suliraning ito, malaki pa rin ang hamon sa pagkakaroon ng tunay na intergenerational engagement at nagpapakita rin kung bakit mahalaga ang ugnayan sa pagitan ng mga henerasyon para sa pagsulong ng YPS agenda.

Ang kawalan ng malinaw na depinisyon o pag-unawa ay hindi nangangahulugan ng kawalan ng intergenerational engagement sa loob ng mga kaugnay na aktibidad sa YPS. Nangangahulugan din ito na ang mga propesyonal at iskolar ay madalas na umaasa na “alam na totoo ito kapag nakita na nila,” sa halip na maagap na sumuporta sa makabuluhang intergenerational engagement.

Habang sinusubukan ng mga propesyonal, pamahalaan, at institusyon na ipaloob ang YPS sa patakaran at praktika, ang National Action Plans (NAPs) sa YPS ay lumalabas bilang pangkaraniwang balangkas ng patakaran. Ang NAPs ay mga pambansang patakaran na binabalangkas ang mga tiyak na layunin at aksyon para maisulong ang mga kaugnay na agenda ng iba’t ibang sangay at departamento ng pamahalaan.[4] Ito ang mga pangunahing aspeto na isinasaalang-alang sa intergenerational engagement dahil ang pagbubuo ng NAPYPS ay nangangailangan ng pakikisangkot ng iba't ibang sektor at mga taong sangkot para magtulungan sa paglikha ng isang malinaw at tiyak na dokumento.

Ang unang NAPYPS ay inilunsad ng Finland noong Agosto 2021,[5] fsinundan ng Nigeria noong Nobyembre 2021,[6] ang Democratic Republic of Congo (DRC)[7] aat Pilipinas noong Agosto 2022[8]. Nitong mga nakaraang taon, naging mabilis ang pagbubuo ng mga NAPYPS, may higit sa 10 na ang nailunsad at marami pang iba ang nasa proseso ng pagbubuo.

Dahil sa dumadami ang gumagamit ng NAP bilang mekanismo ng patakaran para sa pagsulong ng YPS, sinuri ng proyektong ito ang unang apat na proseso – Finland, Nigeria, Philippines, at DRC – upang maintindihan kung paano naunawaan ang 'intergenerational engagement' ng iba't ibang panig na nakilahok sa mga proseso at kung paano ito inilalarawan sa proseso ng pagbubuo ng NAPYPS.



Sa pamamagitan nito, ipinapakita ng ulat na ito na:

- Kung paano isinagawa ang intergenerational engagement sa loob ng mga koalisyon para sa YPS at mga pagsisikap tungo sa NAP sa YPS.
- Ang mga tagumpay at balakid ng intergenerational engagement sa mga espasyong ito, at
- Mga istratehiya sa pagtatatag ng makabuluhan at epektibong intergenerational engagement ayon sa ebidensiyang ito.

Ang mga pangunahing natuklasan sa pananaliksik na ito ay nakaorganisa sa mga temang nagmula sa panhunab ng mga kalahok at inilalarawan sa konseptwalisasyon, praktika, at hamon na kinaharap sa mga panahong pinoproseso ang pagbubuo ng apat na NAPYPS. Bilang konklusyon ng pananaliksik, ibabahagi ang mga aralin at rekomendasyon sa pagpapatibay ng intergenerational engagement sa proseso ng pagbubuo ng NAPYPS sa mga darating pang panahon.

## PAGBIBIGAY KAHULUGAN SA INTERGENERATIONAL ENGAGEMENT

Ang ulat na ito ay batay sa mga gawa ng mga propesyonal at iskolar na tumatanggi sa simpleng konsepto at bumuo ng mas malalim na depinisyon. Hindi lahat ng mga kalahok sa proyektong ito ay nagkakaisa sa kahulugan ng depinisyon na ito, at sinisiyasat namin kung paano naunawaan ng mga kalahok sa ibaba ang intergenerational engagement.

Nauunawaan namin na ang intergenerational engagement ay isang "proseso ng pagkatuto at pagbabahagi ng kaalaman na nangangailangan ng kritikal na pagmumuni-muni ng iba't ibang henerasyon na nakatuon sa pagkamit ng pagbabagong panlipunan".[9] Ang henerasyon na gamit sa pananaliksik na ito ay hindi mga nakatakdang kategorya ng edad, ngunit ayon sa ugnayan: Mayroong iba't ibang karanasan at kadalubhasaan ang 'nakatatanda' at 'mas nakababatang' henerasyon na maaaring ibahagi.

Sa espasyo ng YPS, napapadalas na ang paggamit ng terminong 'intergenerational dialogue'. Ibinabagi ni Tanhøj[10] ang detalyadong layunin ng intergenerational dialogue: "Pagkakaunawaan ng mga pananaw at pagkakaiba ng mga henerasyon, pagsira sa mga nakasanayang pagtingin at istruktura ng diskriminasyon batay sa edad" at pagbubuo ng tiwala at pag-uugnay sa hindi pagkakapantay-pantay. Gayunpaman, sa praktika, ang paggamit nito ay madalas na limitado at paimbabaw lamang. Madalas ito ay nagmumukhang isang konsultasyon sa kabataan sa halip na tunay at malalim na pakikipag-usap at palitan ng pananaw. Hindi sapat na paraan ang pagbanggit lang ng kahalagahan ng pakikipag-ugnayan ng mga 'nakatatanda' at 'kabataan' sa hindi espesipikong paraan.

Hindi lamang sa pormal na paraan nagaganap ang intergenerational engagement, nagaganap din ito sa pang-araw-araw na pagpapalitan ng kaalaman, pagbabahagi ng kakayahan, at pagpapadaloy. Isa itong pangunahing aspeto ng pagtiyak na ang mga pagsisikap para sa kapayapaan at seguridad ay inklusibo, makatarungan, at nagpapatuloy.




# 2. ANG PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK

Ang proyektong ito ay sinuportahan ng Youth Expert Advisory Team (YEAT) para matiyak ang pagkamay-kaugnayan, bumuo ng magkasalong pagkakaunawaan, at mapadaloy ang mga koneksyon. Ang YEAT ay binubuo ng walong peacebuilder, dalawa mula sa bawat kalahok na bansa na aktibong nakilahok sa kanilang kaugnay na proseso ng NAPYPS.

Binubuo ang proyekto sa tatlong yugto:

1. Ginamit ang YPS database (www.ypsdb.org) para matukoy ang mga kaugnay na dokumento na may kinalaman sa YPS na binabanggit ang terminong 'intergenerational' at mga kaugnay na termino tulad ng engagement, partnership, dialogue. May kabuuang 167 dokumento na sinuri para siyasatin kung paano nabuo ang konsepto at ipinatupad ang intergenerationality.
2. Sa pakikipagtulungan sa YEAT, binuo ang isang survey at ibinahagi sa mga kalahok na youth at non-youth na naging bahagi sa proseso ng pagbubuo ng NAPYPS sa bawat bansa para ilarawan ang kanilang karanasan at pagkakataong naganap ang intergenerational engagement. Nakakuha ito ng 41 tugon.
3. Isinagawa ang mga online na panayam sa 25 na pangunahing stakeholder: 7 mula sa Pilipinas, 5 mula sa Nigeria, 6 mula sa DRC at 7 mula sa Finland. Ang mga panayam ay nagbigay-daan sa mga kalahok na palawigin at mabigyan ng bagong pananaw ang intergenerational engagement sa proseso ng pagbubuo ng NAPYPS. Pinili ng ibang mga kalahok na huwag magpakilala o manatiling anonymous para sa pagsasaliksik na ito, at ang mga opinyon na ipinahayag ay mula lamang sa indibidwal at hindi kumakatawan sa kanilang organisasyon.



# 3. ANO ANG PAKINABANG NG INTERGENERATIONAL ENGAGEMENT?

Mula sa mga kaugnay na dokumento, mayroong 116 na anyo ng intergenerational engagement. Sa pagsusuri, ito ay mahahanay sa dalawang grupo: ginagamit ito bilang isang saysay (value), isang bagay na ninanais ng mga nagsisikap sa agenda na makamtan, o ang mas karaniwan ay bilang isang praktika o kasangkapan, isang bagay na ginagawa para paghusayin ang proseso, halimbawa ay sa pagpapadaloy ng diskusyon, pagsasagawa ng mga workshop, o pagsasapormal ng boses ng kabataan.

Binigyang-diin ng mga nakapanayam ang kanilang pag-unawa sa intergenerational engagement kapwa bilang saysay [EIBY1] at 'kasangkapan'. Para sa miyembro ng YEAT na si Marie Rose Tshite (mula sa DRC):

*ang pag-iisip o pagsasagawa ng intergenerationality ay pagbalikwas sa mga istruktura upang ang kapayapaan at seguridad ay magkasamang binuo, patas, at nagpapatuloy. Nangangailangan ito ng pagsisikap at pananagutan ng mga institusyon, aktibong pakikinig, at agarang at nagpapatuloy na paglalaan ng pondo. Sa ganitong paraan, nangangahulugan din ito ng paglikha ng mga espasyo kung saan ang pakikinig ay isang magkasalong pananagutan at ang magkasamang pagbuo ay isang pangangailangan, lalo na sa panahon ng pagbubuo ng mga national action plan.*

Binigyang-diin din ng mga kasapi ng YEAT ang kahalagahan ng pagkakaiba-iba "ng mga opinyon, istruktura, at grupo" (Rafiu Lawal, Nigeria), at ang pangangailangan ng tunay na magkasamang pagmamay-ari (Camila Ojala, Finland).

Binanggit din ng mga kalahok ang kahalagahan ng pagkilala sa pagkakaiba sa kaalaman ng iba't ibang henerasyon. Ipinahayag ni Joel Linnainmäki (Finland) na "talagang alam namin na hindi kami kumikilos sa isang vacuum. Alam mo, maraming mga taong nauna sa amin sa gawain na ito ang tumulong sa amin, gumabay sa amin, at binigyan kami ng napakahusay na mungkahi at payo. Higit pa, binigyan kami ng pagsasanay upang malaman kung paano gawin ang mga bagay-bagay. At puwede naming itong pagmuni-munihan." Inilarawan ito ng isang lider kabataan sa Pilipinas bilang "magkasalong espasyo" kung saan "nagtatagpo ang teorya at karanasan", at kapaki-pakinabang ito

*sa pagtulong sa kabataan na iayon ang aming inaasahan… Kung paano ipinapatupad ang kapayapaan at seguridad. Gayundin… maraming nakatatanda ang nasa posisyon na gumagawa ng desisyon, kaya ang pag-unawa sa priyoridad ng kabataan ay makakatulong din sa kanila.*

Nakikita ni Joseph Akilimali (DRC) ang intergenerational engagement na nakakatulong sa mga lider kabataan sa proseso ng "pagkakaroon ng pagkilala at espasyo na kung hindi ay nananatiling ipinagbabawal sa amin."



# 4. MGA PROSESO NG PAGBUBUO NG NAPYPS SA BAWAT BANSA

## FINLAND

Noong Agosto 2021, ang Finland ang unang bansa sa mundo na naglunsad at nagpatupad ng isang NAPYPS. Ang Finland ay may mahabang kasaysayan ng pormalisadong aktibismo ng kabataan, kung saan mayroong mga Konseho ng Kabataan sa mga lungsod sa buong bansa, at may aktibo at iginagalang na pambansang network ng mga kabataan, ang Allianssi (pinangalanang Nuorisoala noong 2023), na naging susi sa pagbubuo ng NAPYPS ng Finland. Sumang-ayon ang pamahalaan na bumuo ng NAPYPS pagkatapos ng patuloy na pagsusulong ng Allianssi at ng lider kabataan ng 2250 Network, at sa suporta ng mga nakatataas na opisyal ng gobyerno ng Finnish Ministry of Foreign Affairs (MFA).

Noong 2019-2020, sa kabila ng pandemya, ang MFA ng Finland, sa kasama ang Allianssi, ay nagsagawa ng online na survey sa mga kabataan sa Finland at nagsagawa ng personal at virtual na konsultasyon. Ang NAPYPS ng Finland ay binuo mula sa limang haligi, at nakatuon ang mga konsultasyon sa konteksto ng Finland at maging sa mga layunin ng patakarang panlabas. Inimbita ang mga dalubhasa ng tema ng bawat haligi upang magbigay ng buod, at sumulat ng isang ‘zero draft’ ang MFA bago nangalap ng komento at puna mula sa kabataan, akademiko, tagagawa ng patakaran, at iba pang departamento ng pamahalaan.

Ayon sa mga naging kalahok, nagkaroon ng isang konstruktibong, masiglang at kolaboratibong proseso na nagpapakita ng mababang hirarkiya na katangian ng pamantayang panlipunan ng Finland. Bilang unang NAPYPS sa mundo, humalaw ang Finland mula sa naitatag nitong WPSNAP para makatulong sa istruktura at proseso. Karamihan ng mga layunin ng NAPYPS ay pinagtipon na mga umiiral na tunguhin at patakaran sa buong pamahalaan, at nakita ito bilang isang paraan para posible itong ipatupad at maging kaugnay sa mga umiiral na prayoridad. Isang komite ng pagsubaybay (monitoring committee) ang binuo kabilang ang gobyerno, kasapi ng Allianssi, at iba pang mga kalahok na patuloy na nagpupulong upang suriin ang progreso at istratehiya. Inilunsad ng Finland ang kanilang Ikalawang NAPYPS noong Disyembre 2025.

## DEMOCRATIC REPUBLIC OF CONGO

Inilunsad ng DRC ang NAPYPS nito noong Agosto 2022, mula sa isang proseso na pinangunahan ng koalisyon at karamihan ay pinamunuan ng mga kabataan na hinubog ng nagpapatuloy na digmaan, desentralisadong pamamahala, at limitadong pagtitiwala sa mga institusyon. Nagmula ang proseso sa tuloy-tuloy na pagtataguyod ng mga organisasyon ng kabataan at pagtatatag ng isang National Technical Secretariat (STN-220), na bahagyang hinikayat ng naunang mekanismo ng pagtutulungan na nabuo sa ilalim ng WPS agenda. Ang mga organisasyong pangkabataan at kasapi ng koalisyon ng YPS ay nagkaroon ng pangunahing tungkulin sa paghihikayat ng pakikilahok, pagkolekta ng mga datos sa buong bansa sa lahat ng probinsiya, at pagsasalin ng UNSCR 2250 sa mga priyoridad na batay sa konteksto.

Mayroong intergenerational engagement ngunit hindi ito kawangis. Madalas na inilalarawan ng mga lider-kabataan kung paano nila inumpisahan ang pakikipag-ugnayan sa mga organisasyon ng kababaihan, mga kalahok sa WPS, at mga may karanasang peacebuilder para makakuha ng kaalamang institusyonal, politikal na pagtanggap, at kasanayan sa pagbuo ng draft. Ang pakikisangkot na ito ay madalang na maging pantay: ang mga may karanasan na kalahok ay madalang na maging proaktibo sa paghiling ng pakikipagtulungan sa kabataan, na nagreresulta sa di-pantay na ugnayan kung saan ang kabataan ang nagdadala ng pasanin ng pagbubuo ng relasyon. Habang mayroong mahalagang tungkulin bilang koneksyon ang mga may karanasang bababeng peacebuilder – partikular na sa pagharap sa mga institusyon ng estado at pag-ugnay sa mga balangkas ng WPS at YPS – ang suportang ito ay higit na nakasalalay sa inisyatiba ng kabataan sa halip na mga mekanismo sa institusyon.

Ang karanasan ng DRC ay naglalarawan ng estratehikong saysay at limitasyon ng intergenerational engagement kung saan malakas ang pamumuno ng kabataan, ngunit ang awtoridad, mapagkukunan, at pag-aaring politikal ay nananatili sa iba.

## NIGERIA

Nagsimula noong 2015 ang pagsisikap ng mga kabataan na buuin ang NAP ng Nigeria, at ang pormal na pagbubuo nito ay nagsimula noong 2016. Noong una ay may pagdudua mula sa pamahalaan sa pangangailangan ng isang NAP at hindi nagbigay ng pondo para sa konsultasyon at pagbubuo ng draft. Sa kabila nito, nabuo ito sa pamamagitan ng mga personal na pagsisikap sa pagsasagawa ng mga konsultasyon sa mga rehiyon, kabilang ang anim na heopolitikal na rehiyon, at kaakibat nito ay ang pagsasagawa ng mga survey, literature review, focus group, at mga panayam sa mga mahalagang impormante (kabilang ang mga kabataang nasa panganib (at-risk youth) at mga pinuno ng mga relihiyon). Isang komite ng mga tagapamahala na may 16 miyembro mula sa mga kinatawan ng mga grupo ng kabataan at mga organisasyong sibil ng lipunan (civil society organizations) ang namahala sa proseso.

Pinagsama-sama ang mga konsultasyon ng mga kabataan, kinatawan ng sektor ng seguridad (kabilang ang militar at pulisiya), grupong pangkapayapaan ng mga kababaihan, midya, akademya, pinuno ng lokal na pamahalaan, at mga organisasyong sibil ng lipunan. Ang kinatawan ng pamahalaan ay mula sa Ministry of Youth Development, Foreign Affairs, Interior, at iba pa. Tinatayang 1,000 kabataan mula sa iba't ibang pinagmulan ang nakilahok, karamihan ay nakikisangkot na sa pagsusulong ng kapayapaan at seguridad. Bawat konsultasyon ay pinadaloy ng isang miyembro ng koalisyon.

Naging layunin ng mga konsultasyon na: (1) ipinaalam sa mga stakeholder ang tungkol sa YPS agenda at limang haligi nito, at tinuklas paano ito maiaangkop sa konteksto ng Nigeria at gumawa ng pagtataya sa kasalukuang pagsisikap; (2) talakayin ang tunay na kalagayan ng kabataan, alamin ang kanilang mga kailangan, at isaalang-alang ano dapat ang suporta mula sa iba’t ibang kalahok (mula sa dahilan ng kawalan ng kapanatagan, di-pagtanggap, hanggang sa mga hadlang sa pakikilahok ng kabataan); at (3) pagbuo ng tiwala at pagpapalaganap ng pagtutulungan sa iba’t ibang kalahok at stakeholder. Sa kabila ng mga hamon sa seguridad na nangangailangan ng paglilipat ng lokasyon ng mga konsultasyon sa ligtas na lugar, ang proseso ay nagtaas ng kamalayan at nagkaroon ng malawakang suporta. Pinagtibay ang NAP ng mga pangunahing stakeholder at inilunsad noong Nobyembre 6, 2021, sa isang kaganapan na dinaluhan ng bise-presidente at iba pang nakatataas na opisyal.



## PILIPINAS

Kasunod ng pagtanggap sa UNSC Resolution 2250, naging bahagi ang pagpapaunlad ng kabataan at mga gawain sa pagbibigay ng kapangyarihan sa Philippine Development Plan 2017-2022 na nagbigay-daan sa pagbuo ng Philippine Youth Development Plan 2023-2028. Ang mga patakarang ito ang nagbigay-daan sa NAPYPS. Noong 2017, ang Philippine Youth Development Plan 2023-2028 ay nagsimula sa pagbubuo ng isang komprehensibong agendang pangkapayapaan para sa kabataan. Nagtapos ang prosesong ito noong 2022 at sinuportahan ito ng National Youth Commission, ang Generation Peace Youth Network at iba pang organisasyong sibil. Kasama sa proseso ang mga pagpapaunlad ng kakayahan at kaalaman ukol sa UNSCR 2250 at YPS agenda, mga Youth Peace Table, konsultasyon sa iba’t ibang stakeholder, isang Inter-Agency workshop; isang pambansang YPS Survey; at mga rehiyonal, pamprobinsya, at virtual na konsultasyon sa kabataan.

Noong 2022, inimbitahan ang mga kabataan mula sa bawat rehiyon, kabilang ang mga kabataan na kinatawan ng mga lokal na pamahalaan sa tatlong-araw na workshop upang simulan ang pagsusulat ng NAPYPS. Isang independent na consultant, na dating kabataang peacebuilder at kasalukuyang youth advocate, ang nagpadaloy ng proseso, habang ang mga kabataan ang nanguna sa pagsusulat ng draft. Nakatuon ang workshop sa pagsuri at pagtalakay ng mga pananaw mula sa konsultasyon, pagpapahusay sa pagsulat at format ng NAPYPS, at isang intergenerational dialogue sa draft. Isinumite ang draft na ito sa pamahalaan para sa pagsusuri at publikasyon. Inilabas ang isang Primer sa isang hybrid na paglulunsad noong Agosto 2022, ang buong NAPYPS ay hindi pa available sa publiko o isinama sa patakaran. Sa kabila nito, patuloy na ginagamit ng mga kabataan ang mga pananaw mula sa proseso at Primer para isulong ang pagbuo ng kapayapaan sa Pilipinas.

# 5. MGA NATUKLASAN



## 1. MAHALAGA ANG MGA UGNAYAN

Sa lahat ng apat na bansa, binigyang-diin ng mga kalahok ng anumang edad ang kahalagahan ng tiwala sa buong proseso. Dapat aktibong mabuo at mapanatili ang tiwala. Lubos na mahalaga ang mga umiiral na network at pagtutulungan sa tagumpay ng proseso, dahil kinakailangan ang pundasyon para sa mga ugnayan. Ipinaliwanag din ng mga kalahok ang kahalagahan ng feedback loop na nagtitiyak na ang proseso ay tapat at may pananagutan.

Sa Finland, may mahabang tradisyon ang pakikilahok at pakikisangkot ng mamamayan (Joel Linnainmäki), na isang "matibay na sandigan para sa pagbubuo" (Anu Apo), at nagbigay-daan para magkaroon ng inaasahang pagbibigay ng impormasyon pabalik sa mga kalahok. Nagkaroon din ng paulit-ulit na siklo ng konsultasyon at pagbuo ng draft na nagtitiyak ng pagtanggap at pagtitiwala, at isang dokumento na posible at representatibo (Laura Kaltiainen). Binuo ang isang grupo sa pagsubaybay para sa regular na pagtitipon sa panahon ng pagbubuo ng draft at upang matiyak ang pagpapatupad. Tinuring ito na isang "panlabas na tagamasid" at nagbigay-daan ito sa pagbabahagi ng impormasyon, update, pagtutulungan, at pananagutan.

Sa kabilang banda, sa Pilipinas, may kawalan ng mga epektibong paraan ng komunikasyon sa proseso. Bilang ang mga kabataan naging kasangkot sa iba't ibang panahon at bahagi ng proseso, ang ilan sa kanila ay hindi matukoy ang kanilang tungkulin at parte ng proseso, na nagdulot ng kawalan ng tiwala sa proseso. Lalo pang lumala ang pagkawala ng tiwala dahil hindi naging available ang NAPYPS sa publiko at walang naitatag na mekanismo para

matiyak ang pagpapatupad nito. Nabanggit ng isang lider kabataan sa Pilipinas na sa pagtatapos ng proseso ng pagbuo ng dokumento ng NAPYPS ay hindi tinupad ng pamahalaan ang mga pangako nito: “Ang natanggap namin ay… ang brief outcome na dokumento at hindi ang mismong NAP, na nagdulot ng pagkabigo para sa marami.” Sa kabila ng isang napakasiglang proseso, ang resulta ay nasirang tiwala at kawalan ng pananagutan.

Ang mutual na kawalan ng tiwala ay isang malaking hamon din para lampasan sa Nigeria. Pinag-usapan ang negatibong pananaw ng pamahalaan sa mga kabataan at ang pananaw ng kabataan sa pamahalaan sa proseso ng pagsulat ng NAPYPS. Ang mga konsultasyon sa Nigeria, sa kabila ng pagiging hindi tunay na ‘palitan ng diskusyon’, ay nagbigay ng mahalagang espasyo para sa kabataan para ipahayag ang kanilang damdamin at kailangan, at ang mga pangunahing kalahok ay naroon para makinig sa kanila. Nakita ng isang kalahok na kabataan ang mga konsultasyon na ito bilang pagkakataon na magkaunawaan ang isa’t isa at bumuo ang mga henerasyon na may iba’t ibang kaalaman at kakayahan.

Sa DRC, ang mga umiiral na matibay na network ng mga kalahok na kabataan ay nagtiyak sa tagumpay ng proseso. Ang intergenerational engagement sa proseso ng pagbubuo ng NAPYPS sa DRC ay nagsilbi bilang isang mekanismo para magbigay ng pagkilala ng institusyon sa proseso na pinamumunuan ng kabataan, sa halip na magkatuwang o magkasamang simulan ang pagtutulungan. Ilan sa mga nakapanayam (Justus Tshikona, Lydie Mungala, Marie-Rose Tshite) ay ipinahayag na ang mga kalahok na kabataan ay mga dati nang kumikilos at organisadong pinamumunuan ang adbokasiya para sa NAPYPS bago pa man naganap ang intergenerational engagement. Si Joseph Akilimali, pinuno ng isang kabataang pinuno, ay naging kalahok sa pagbubuo ng NAP. Ipinaliwanag niya na pumasok ang intergenerational engagement sa proseso nang naging kinailangan ang institusyonal na pagkilala: “Naroon ang kabataan na pinangungunahan ang proseso, pero ang mga nakatatandang henerasyon ay naroon din at sinusuportahan ang kabataan.”

**“PAGPAPADALOY NG MGA DISKUSYON SA PAGITAN NG KABATAAN AT NG MGA GUMAGAWA NG DESISYON, HABANG TINITIYAK NA KINIKILALA ANG KABATAAN BILANG EKSPERTO SA KANILANG KONDISYON.”**

Si Annie Matundu Mbambi, na sinuportahan ang proseso ng pagbuo ng draft ng NAP bilang isang kasapi ng National Technical Secretariat sa WPS, ay tinukoy ng mga kalahok bilang isang pangunahing kakampi. Nilinaw ni Annie ang kanyang papel bilang isang tagapag-ugnay, “pagpapadaloy ng mga diskusyon sa pagitan ng kabataan at ng mga gumagawa ng desisyon, habang tinitiyak na kinikilala ang kabataan bilang eksperto sa kanilang kondisyon.”

Ang mga proseso sa paggawa ng NAP ay minsan mayroong kawalan ng tiwala sa pagitan ng kabataan at mga hindi kabataan (non-youth) bilang resulta ng hindi mabisang komunikasyon at negatibong pananaw sa kabataan. Sa ibang kaso, ang intergenerational engagement ay nakabatay sa nakaistrukturang pagtutulungan at pakikisangkot ng nakatatandang henerasyon sa iba’t ibang bahagi ng proseso. Sa lahat ng kaso, ang tiwala at mekanismo na nagpapalakas sa tiwalang ito ang susi sa mahusay na ugnayan sa pagitan ng mga kalahok.



## 2. DAPAT AY AYON SA KONTEKSTO ANG INTERGENERATIONAL ENGAGEMENT

Ang mga proseso sa pagbubuo ng NAPYPS ay lubos na nakabatay sa konteksto. May iba't ibang politikal at panlipunang tuntunin ang nakaaapekto sa pagtutulungang ito. Sa apat na bansang ito, nakaapekto sa iba't ibang paraan ang pagtingin sa kabataan, kung paano 'ginagawa' ang politika, ang aksesibilidad sa mga gumagawa ng desisyon at lakas ng organisasyon ng lipunang sibil. Sa kabila nito, may mga parehong hamon sa mga patuloy na negatibong pananaw at mga magkatulad na kuwento ng oportunidad para sa pagtutulungan ng iba't ibang henerasyon.

### Alitan Sa Pagitan Ng Mga Henerasyon

Ang intergenerational engagement sa proseso ng pagbubuo ng NAPYPS sa DRC ay karaniwang itinuturing na hindi pantay, dahil ang mga kabataang kalahok ay ang pumasan ng pangunahing responsibilidad sa pagsisimula, pagpapatuloy, at pagiging lehitimo ng ugnayan sa mas nakatatandang henerasyon at mga institusyon. Sa kasong ito, ang intergenerational engagement ay isang hindi produktibong landas, ngunit isang bakas ng isang malalim na pamana na nakaugat sa tuntuning panlipunan. Paulit-ulit na binanggit ng mga miyembro ng koalisyon ng kabataan (Esther Atosha, Justus Tshikona, Lydie Mungala) na hindi patas ang intergenerational engagement, ngunit ito ay sinimulan ng kabataan na nagnanais ng pagkakaton, pagkilala, at pagtitiwala mula sa mga institusyon. Inilarawan ni Joseph Akilimali kung paano tinanggap sa prinsipyo ang pakikilahok ng ekabataan ngunit limitado sa pagsasagawa: "Nakikita namin na kasama sa konsultasyon ang mga kabataan, hinihiling na umambag, hinihiling na pagtibayin — ngunit hindi binibigyan ng huling pagpapasya."

> "NAKIKITA NAMIN NA KASAMA SA KONSULTASYON ANG MGA KABATAAN, HINIHILING NA UMAMBAG, HINIHILING NA PAGTIBAYIN – NGUNIT HINDI BINIBIGYAN NG HULING PAGPAPASYA"

Ito rin ang nabanggit ni Marie-Rose Tshite, na mas tinalakay ang implikasyong politikal ng pakikisangkot ng isang panig lamang: "Tanging mga kabataan lang ang gumagawa ng pagsisikap, samantalang ang nakatatandang henerasyon ay umiiwas o iniiwan ang responsibilidad sa mga kabataan." Binigyang-diin pa niya na ang hindi pagkakapantay-pantay nito ay ayon sa istruktura at hindi indibidwal, nabanggit din niya na kung walang direktang mekanismo para baguhin ang balanse ng kapangyarihan, ang intergenerational engagement ay mas lalong pinapatibay ang namamayaning hirarkiya sa halip na baguhin ito.

Habang ang kultura ng pribilehiyo ng nakatatanda ay may halaga sa buong mundo, sa ilang lokal na konteksto ang mga nakakatandang pinuno ay may pormal at mahalagang papel sa kanilang mga komunidad at maging sa proseso ng pagsusulong ng kapayapaan. Sa Pilipinas, ang nakatakdang kultura ng seniority at gender norms ay nagdudulot ng pagpapaubaya ng desisyon sa mga nakatatanda at hirarkikal na partisipasyon ng pagbibigay-prayoridad sa kabataang lalaki bago ang kabataang babae. Habang bumubuti ang mga ugnayan sa pagdaan ng panahon, ayon sa isang dating opisyal ng gobyerno:

*may ilang bahagi ng bansa na nakaasa sa pananaw ng mga tradisyonal na pinuno, ang nakatatanda, halimbawa... kahit na maraming kabataan na nais na maging proaktibo sa pakikilahok sa politikal na proseso, o sa larangang panlipunan, walang pagkakataon o kapaligiran na nagpapahintulot sa kanila.*

Sa Nigeria, ipinaliwanag ng isang lider kabataan na habang ang mga politiko ay dumadalo sa mga konsultasyon ay hindi sila aktibong nakikilahok, "nagbibigay lang sila ng mensahe pagkatapos ay umalis na". Ang epekto nito ay nananatiling limitado ang pananaw patungkol sa mga kabataan at umiiral ang pinaniniwalaang antas ng lipunan kaugnay sa edad at tungkulin, na naglilimita sa maaaring magawa ng intergenerational engagement.

**Pagtutulungan sa Pagitan ng mga Henerasyon**

Sa pagkilala sa komplikasyon ng bawat konteksto, binigyang-diin ng mga kalahok ang kahalagahan ng pagkilos kasama ng mga lider ng komunidad para makagawa ng pagkakataon at espasyo kung saan nagiging kasangkot ang kabataan sa mga usapang ito nang patuloy na nirerespeto ang mga tuntuning pangkultura at antas panlipunan.

Sa Pilipinas, nabanggit ng ilang kalahok na maaaring makatulong at maging 'epektibo' na pakinggan ang nakatatandang henerasyon na may karanasan sa pagsusulong ng kapayapaan o sa mga alitan, dahil may kaalaman sila na maaaring gumabay sa nakababatang henerasyon sa pagtugon sa mga isyu. Nabanggit din ang kawalan ng ganitong kalahok: "Maganda sana kung, halimbawa, may mas nakatatandang peacebuilder na makapagbahagi... Kung paano ipinapatupad ang patakarang pangkapayapaan sa Pilipinas (lider kabataan).Ang panawagang ito ay nabanggit din ng iba tulad nina Paula (Finland) na sinabi na

*Para hindi lang isang matanda at maraming kabataan, dapat ay may mga tao mula sa iba't ibang henerasyon. At kadalasan ay nakakalimutan natin kung paano isasama sa diskusyon ang mga nakatatandang henerasyon na nasa huling yugto na ng kanilang buhay.*

Inilahad ni Anu Apo mula sa Finnish MFA ang feedback mula sa Alliansii bilang isang halimbawa ng pagkatuto mula sa nakababatang henerasyon na nagbibigay ng "bagong wika" dahil sila ay naging kasangkot sa kabuuan ng proseso bilang katuwang sa gawain: "Sa katunayan, ito ay mahalaga. Binanggit ko ito dahil lumilikha ito ng bagong realidad at lumilikha ito ng paraan ng pag-iisip. Kaya't mahalaga ang paraan ng pagsusulat sa ganitong diwa."

Ang pananaw ng kabataan ay maaaring nagbigay ng bago sa "medyo direktang" paraan ng pagsusulat "na tila nililikha muli ang mga lumang paraan ng pag-iisip" (Anu Apo).

Ang paggamit ng karanasan ng nakatatandang henerasyon ay tinukoy ng mga kalahok na kabataan sa lahat ng bansa. Sa Nigeria, gumawa ang mga kabataan ng mga intergenerational space upang makipagpulong sa mga 'icon' o kilalang personalidad sa bansa at matuto mula sa kanila sa proseso ng pagbubuo ng isang samahan—tinuring nila ito bilang mga workshop sa pagbubuo ng kakayahan, ngunit may mga tao rin mula sa nakatatandang henerasyon na nag-alok ng gabay sa pamumuno sa mga kabataan. Ibinahagi ng mga icon ang kanilang mga karanasan mula 1960 hanggang 1970 kung paano sila kumilos, kung paano nila ginamit ang iba't ibang paraan para itaas ang kamalayan at pagpapalakas ng samahan.

Ipinaliwanag ng isang kabataang lalaki na

> *may napulot kaming mga aral: bilang kabataan, kailangan naming matuto na mag-organisa sa aming sarili at magtulungan. Ito ang naging produkto ng mga usapin sa pagitan ng mga henerasyon. Hindi lang sa pagitan namin — kailangan namin ng isang tao mula sa nakaraan, isang tao na alam kung ano ang nangyari.*

Sa Finland, nabanggit na ang Allianssi na ang pagkakaroon ng isang "matatag na network ng alumni", mga dating kumilos at ngayon ay kasapi ng parliyamento, o iba pang nakatataas na tungkulin na "kumilos na parang tagapayo sa mga gawain na nais naming gawin" at tiniyak na ang kabataan ay "hindi kumikilos nang walang kaalaman o kamalayan sa kasaysayan kung ano ang ginawa ng mga tao noon" (Joel Linnainmäki).



## 3. ANG KAHALAGAHAN NG ESPASYO PARA LAMANG SA KABATAAN

Habang mahalaga ang mga kolaboratibo at intergenerational na oportunidad at espasyo, ang mga espasyo para lamang sa kabataan ay mahalaga rin sa pagtiyak ng matibay na pundasyon, tiwala sa sarili, kaligtasan at pantay na pakikilahok sa peacebuilding para sa mga kalahok na kabataan.

Iminungkahi nina Esther Atosha at Justus Tshikona mula sa DRC na hindi lahat ng yugto ng proseso ng pagbubuo ng NAPYPS ay nakikinabang sa intergenerational engagement, partikular na kung tungkol ito sa koleksyon ng datos, pagkilos at pagtatakda ng agenda ng pinamumunuan ng kabataan. Ipinunto ni Justus Tshikona na

sa unang yugto ng proseso ng pagbuo ng NAPYPS sa DRC ay sinadyang pamunuan ng kabataan, at ang pagsangkot ng nakatatandang henerasyon ay hindi kinakailangan o hindi palaging kanais-nais. Ipinaliwanag nina Joseph Akilimali at Esther Atosha mula sa South Kivu na ang kalakhan ng koleksyon ng datos at mobilisasyon ay isinagawa ng kabataan, na nagpapaktia ng tiwala at kaalaman kontekstwal: “Hindi namin isinama ang mas nakatatandang grupo... Ang kabataan ang nagkolekta ng datos sa lahat ng probinsiya, dahil alam nila ang katotohanan sa lugar” (Esther Atosha).

**“PARA SA AKIN, DAPAT ITO AY ISANG DAYALOGO NA NAKATUON SA KABATAAN. DAHIL MINSAN... DAHIL SA KULTURA NAMIN MINSAN AY UMO-OO NA LANG KAMI”**

Sa parehong paraan, si Lydie Mungala, na nagsilbing tagapag-ugnay noong pangongolekta ng datos sa Haut-Katanga, ay ipinunto na mahalaga ang pamumuno ng kabataan para matiyak ang kaunang-unayan at tiwala sa mga kabataang sumasagot sa survey: “Maraming kabataan ang hindi alam ang YPS noon, kaya kailangan naming magpaliwanag, magtalakay, at makinig bago ang lahat.” Kasabay nito, binanggit ng mga nakapanayam na naging mas angkop ang intergenerational engagement sa mga panghuling yugto—tulad ng paggawa ng draft, at negosasyon sa mga institusyon at balidasyon.

Sa Pilipinas, napakahalaga ng mga espasyo para lang sa kabataan dahil nag-aalok ito ng mas maraming oportunidad para sa bukas at tapat na dayalogo. Nabanggit ng isang opisyal ng gobyerno at youth advocate: “Para sa akin, dapat ito ay isang dayalogo na nakatuon sa kabataan. Dahil minsan... dahil sa kultura namin minsan ay umo-oo na lang kami”. Sa parehong paraan, ipinaliwanag ng isang independent consultant na may kaugnayan sa pagbubuo ng NAPYPS na ang mga workshop sa Pilipinas ay dinisenyo na para sa kabataan lang noong una at pagkatapos ng “ikatlong araw ng workshop, palagi naming ginagawa ang isang intergenerational dialogue para matiyak na may tiwala sa sarili ang mga kabataan na mag-usap sa mga bagay sa isa’t isa at may kumpiyansa silang sabihin ito sa mga nakatatanda.” Bilang tugon sa nakaraang karanasan sa ibang espasyo kung saan ang kabataan ay madalas na binabatikos at inaaway, ang mga espasyo para sa kabataan ay naging mga ligtas na lunsaran para magbahagi at makipagtalakayan nang mas malaya.

Mahalagang tandaan na madalas ang mga talakayan sa mga espasyong ‘para sa kabataan lamang’ ay tunay na mga kabataang peacebuilder at kabataan sa organisasyon ng lipunang sibil. Gayunpaman, sa Finland at Pilipinas, ang kinatawan ng pamahalaan o tagapayo para sa proseso ay kabataan din. Sinabi ni Laura Kaltiainen, na nagtrabaho para sa pamahalaan ng Finland sa proseso ng pagbuo ng NAPYPS, na hindi siya nakikita ng mga kabataang kalahok na ‘kabataan’: “Sa tingin ko ay nakikita ako ng kabataan na nakatatanda dahil bahagi ako ng departamento, pero dahil din ang aking tagapangasiwa, na matanda at nasa edad 50 na, ay bahagi nito”.

Pero sa mga pulong sa loob ng MFA, si Laura ang pinakabata, na naging dahilan ng kanyang natatanging pananaw sa dalawang 'panig' ng diskusyon. Ibig sabihin, ang ugnayang ito ay nakatulong na bumuo ng tiwala at magkasalong pag-unawa sa kabila ng pagkakaiba ng pormal na tungkulin.

Habang mahalaga ang mga espasyo para lamang sa kabataan, mahalaga ring matukoy kung kailan, paano, at saan isasasama ang iba pang mga sektor sa proseso. Ang paglimita ng pakikibahagi ng ilang grupo sa mga espesipikong konteksto ay makatitiyak sa kaligtasan ng mga taong kabilang sa proseso. Sa Nigeria, may mga espasyong itinatag para sa hiwa-hiwalay na focus group at sinubaybayan ang mga grupo ng kabataan sa hilagang-silangan ng bansa at sa Niger Delta, tulad ng mga mandirigmang kabataan at mga bakalitang nakatutulong sa karahasan sa kasarian at iba pa. Sa lahat ng bansa, sinabi ng mga kalahok ang kahalagahan ng mga natatanging espasyong ito at iginiit ang pagpapalawig ng modelong ito sa iba pang grupo tulad ng mga nakakulong na kabataan o mga kabataang may kapansanan para sa susunod na pagbubuo ng NAP.

## 4. *KILALANIN ANG PAGKAKAIBA NG KONSULTASYON AT INTERGENERATIONAL ENGAGEMENT*

Isang patuloy na tensyon sa mga talakayang ito ay kung ang interaksyon sa iba't ibang proseso ng pagbubuo ng NAPYPS ay maaaring ituring na makabuluhan at patas na intergenerational engagement. Ang mga



prosesong ito ay hindi dinisenyo na direktang maging 'intergenerational,' madalas na ang mga anyo ng interaksyon ay paulit-ulit, o nililimitahan ng mga inaasahan at badyet. Madalas, kapag tinalakay ng mga kalahok ang naganap na 'konsultasyon', hinihikayat ng koponan sa pananaliksik na pagnilayan kung ano ang sangkot dito at kung ito ay 'intergenerational'. Ang mga pananaw na ito ay nagpakita ng malawak na iba't ibang pag-unawa at impluwensiya ng kaalaman mula sa mga temang nalaman na nabanggit sa itaas.

Nabanggit mula sa mga panayam sa DRC na habang nakatulong ang intergenerational engagement sa mga kabataang kalahok na magamit ang mga institusyonal at politikal na espasyo, hindi ito nagresulta sa awtoridad sa magkasamang pagdedesisyon o kontrol sa resulta. Inalala ni Esther Atosha, na nagmula sa South Kivu, ang kanyang karanasan sa pakikipagtulungan sa mga pormal na istruktura noong panahon ng proseso ng pagbubuo ng NAPYPS. Nabanggit niya na malugod na tinatanggap

ang pakikilahok ng kabataan, pero limitado lamang ito sa konsulasyon sa halip na paggawa ng desisyon. “Ang kabataan ay kasangkot at inimbitahan na umambag, ngunit ang mga desisyon ay ginagawa pa rin sa ibang lugar. Madalas ang tungkulin namin ay magbigay ng ideya, hindi magdesisyon.”

Si Justus Tshikona, ang noo’y pangalawang tagapangulo ng National Technical Secretariat, ay binanggit na ang pagiging bukas ng mga institusyon ay hindi nangangahulugan ng pagnanais na makihati ng kapangyarihan, lalo na sa loob ng mga prosesong pinamumunuan ng estado. “May espasyo para sa makapagsalita ang mga kabataan, pero ang espasyong ito ay hindi palaging mayroong bigat o impluwensiya. Pinakikinggan ang kabataan ngunit hindi palaging sineseryoso kapag gumagawa ng desisyon.” Itinampok ng mga pahayag na ito ang pagkakaiba sa pagitan ng access at awtoridad, ipinahihiwatig na hindi sapat ang intergenerational engagement lang para mabago ang malalim na hirarikiya sa paggawa ng desisyon.

Nang tinatanong paano naging intergenerational ang ‘talakayan’ sa Finland sa pagitan ng MFA at mga kinatawan ng civil society na pinamumunuan ng kabataan at hindi lang basta ‘isang usapan sa pagitan ng mga tao na may iba’t ibang edad’, ito ang sinagot ni Laura Kaltiainen:

*....Hindi kami dumalo para magpakita ng ideya... Hindi kami nakipagpulong para sabihin na ito ang aming pinlano at puwede mong sabihin na sumasang-ayon ka, pero nagkaroon talaga kami ng talakayan at nakinig sa isa't isa at nagbago ang aming mga pananaw dahil doon.*

Ang pananaw na ito, kung saan ang di-pagkakapantay ng kapangyarihan ay tinatandaan at ang ilang kalahok ay bukas ang loob na baguhin ang kanilang naiisip ay nagpapakita kung paano ang interaksyon ay maaaring mas pantay.

Sinabi ng isang lider kabataan na sa Pilipinas ang interaksyon ay nakadepende sa tungkulin na ginawa ng mas nakatatandang kalahok, nakadepende ito

*dahil may posibilidad na marami sa mga nakatatandang peacebuilder na... maging dominante sa usapan dahil sa kaalaman nila. Dahil dito, ang kabataan ay nakikinig sa nakatatanda sa halip na nakikipag-usap sa nakatatanda.*

Sa Nigeria, naniniwala ang mga kalahok na nagkaroon ng malinaw na elemento ng intergenerational engagement sa pagbubuo ng NAPYPS dahil sa pagkakaroon ng mga multi-stakeholder workshop na magkakaiba ang edad. Nabanggit ni Oyekan Adedoyin na sa mga workshop “ang interaksyon ay magalang at nabuo mula sa tiwala” at “lahat ay nakipagnegosasyon at nangatwiran nang magkasama; at sa huli ay nagkaroon ng kasunduan sa mga desisyong aming ginawa.” Ang komplikasyon ng mga interaksyong ito at iba’t ibang antas ng tagumpay at pagkakasundo ay nagpapakita ng mga hamon ng makabuluhang intergenerational engagement.



# 6. REKOMENDASYON

Tinanong ang mga kalahok kung paano mapapahusay ang proseso ng pagbubuo ng NAPYPS nang isinaalang-alang ang intergenerational engagement. Lumitaw ang mga mahahalagang tema mula sa mismong tanong na ito at mula sa kanilang mas malalim na pagmumuni-muni noong mga panayam at sa mga tugon mula sa survey.

## 1. PALAKASIN ANG KAKAYAHAN PARA SA INKLUSIBONG PAKIKILAHOK AT PAGTUTULUNGAN

1. Dapat tiyakin ng mga pamahalaan at stakeholder ang pagkakaroon ng espasyo para lamang sa mga kabataan kaagapay ng mga espasyo para sa iba't ibang henerasyon (intergenerational spaces) sa buong proseso. Mahalaga ang mga espasyong para sa kabataan lamang upang magbigay ng ligtas, nauunawaan at lehitimong lugar kung saan ang mga kabataan mula sa iba't ibang pinagmulan (diverse youth) ay may kumpiyansang talakayin ang kani-kanilang mga priyoridad at hamon bago pumasok sa mga espasyo para sa iba't ibang henerasyon.


2. Tiyakin na ang mga pagtatagpo ng iba't ibang henerasyon ay representatibo ng iba't ibang pinagmulan upang maging makabuluhan ang pagtutulungan sa buong proseso. Seryosohin ang intersectionality sa mga espasyong ito para tiyakin na ang kabataan mula sa iba't ibang kasarian, uri, lahi, etnisidad, at heograpiya ay kabilang at pinakikinggan nang mabuti at may mahalagang tungkulin sa proseso.



3. Magtakda ng oras para sa pagbabahagi ng kapangyarihan (power sharing) o aktibidad sa pagmumuni (reflective activities) sa pagitan ng mga henerasyon sa unang yugto ng anumang proseso para matiyak na ang kabataan ay hindi nahihigitan at maaaring makilala at bigyan ng espasyo na makilahok bilang kapantay na kalahok. Ang nakababata at nakatatandang henerasyon ay maaaring matuto at suportahan ang isa't isa sa iba't ibang paraan, at sa iba't ibang paraan ay maaaring tulungan ang isa't isa para sa matagumpay na pagbubuo, pagpapatupad at pagsubaybay ng NAPYPS.

4. Ang intergenerational engagement sa impormal at pormal na proseso ay dapat mayroong mga aktibidad na higit sa tradisyonal na konsultasyon/pagpupulong na gumagawa ng paraan sa pagtugon sa di-pagkakapantay-pantay ng kapangyarihan at sa hamon sa pakikilahok sa pormal na hirarkikal na sitwasyon. Kabilang na rito ang paglikha ng mga oportunidad para sa di-berbal at malikhaing porma ng pagpapahayag tulad ng pagguhit, pagkuwento at impormal na pakikipag-usap para palaganapin ang mas ligtas na espasyo.

## 2. KILALANIN AT SUPORTAHAN ANG UMIIRAL NA MGA NETWORK AT AKTIBIDAD



1. Palakasin at pag-ugnayin ang mga network ng kabataan at iba't ibang sektor para magbigay-daan sa makabuluhang intergenerational engagement. Ang mga network na may karanasan at kilala sa pananagutan sa mga institusyon, tulad ng mga kalahok sa WPS, ay maaaring magkaroon ng mahalagang tungkulin sa pagsuporta sa kabataan para bumuo ng sama-samang lakas, pagtibayin ang pananagutan at ipagpatuloy ang pagtutulungan sa pagitan ng mga henerasyon.

2. Makipagtulungan sa mga naitatag na network ng mga kalahok na kabataan. Ang pagkilala sa kadalubhasaan ay umiiwas sa pagdoble ng tungkulin at sa pagtiyak na may mga kalahok na nakaugat sa kanilang konteksto at komunidad. Kailangan nito ang maingat na pakikipag-ugnayan, at para maiwasan ang mga institusyon na 'madaling' pagpili sa mga kilala nang kabataan o mga binuo lang na grupo ng kabataan para sa proseso ng pagbubuo ng NAPYPS.

## 3. TIYAKIN ANG PATULOY NA PAGLALAAN NG ORAS AT MAPAGKUKUNAN



1. Maglaan ng sapat na oras para sa pagpaplano at komunikasyon. Hindi dapat madaliin o organisahin sa madaling panahon ang mga espasyo para sa intergenerational engagement. Kapag may sapat na oras para makapaghanda ang mga tagapagpadaloy at kalahok, ang proseso ay mas makabuluhan, inklusibo, at naaayon sa konteksto. Ang kakulangan sa paghahanda ay nagdudulot ng kawalan ng koneksyon at maaaring makaapekto sa pagpapatuloy, tiwala, at mga stakeholder.

2. Mahalaga ang patas at pantay na pagpopondo para tiyakin ang pantay at nagpapatuloy na intergenerational engagement. Ang pagkakaiba sa pasahod, kung saan ang nakatatandang stakeholder ay binabayaran para sa kanyang oras at kaalaman, samantalang ang nakababata ay boluntaryong nag-aambag, ay maaaring magdulot ng di-pagkakapantay-pantay na maaaring magresulta sa mga balakid sa pakikipagtulungan. Tinitiyak ng pagkakaroon ng patas na pagpopondo na ang nakababata at nakatatandang stakeholder ay kinikilala bilang magkasama, na nagpapatibay sa paggalang sa isa't isa at sa pagsasaalang-alang sa proseso.

3. Mahalaga ang patuloy na pagpopondo para sa pagpapanatili ng pag-usad ng gawain, pagkamit ng pangmatagalang resulta at pagpapahintulot sa kabataan na manatiling nakikisangkot sa kabuuan ng proseso. Ang pinakamahalaga, ang pangakong ito ay dapat higit sa pagbubuo ng NAP at kasama ang panahon ng pagpapatupad at pagsubaybay, para matiyak na ang NAP ay ginagawa sa halip na iwan na isang dokumento lang.

4. Maglaan ng panahon para palakasin ang kapasidad ng mas marami pang kabataan at hindi kabataan na tagapagpadaloy para suportahan at makapagpadaloy ng makabuluhang pakikipag-usap sa pagitan ng mga henerasyon kung saan pinagsasaluhan ang kapangyarihan sa pagitan ng iba't ibang henerasyon.

5. Ang intergenerational engagements ay dapat higit pa sa maikli at isang beses na pagpupulong. Ang matagalan at personal na interaksyon ay nagbibigay ng napapanatiling oportunidad sa pagkatuto na nagpapalaganap ng mas malalim na pag-unawa, palitan ng kaalaman at mas matibay na pakikipag-ugnayan na maaaring magdulot ng mga resulta na mas angkop sa konteksto. Nagpapahintulot din ito ng mas madaling pamamahala ng magkakaibang inaasahan, bilis at limitasyon ng patakaran at proseso ng pagpapalaganap ng kapayapaan at makatotohanang daan at punto sa pagbabago.

# 7. MGA KONKLUSYON

Nag-uudyok ang intergenerational engagement sa mga stakeholder na umangkop ng mas makabuluhang gawin sa pagbabahagi ng kaalaman na kinikilala ang kapwa nakababata at nakatatandang henerasyon bilang mahalagang kalahok sa pagpapalaganap ng kapayapaan.



Ang mga natuklasan mula sa proyektong ito ay nagpapakita na ang intergenerational engagement ay nangangailangan ng magalang at patas na pakikilahok ng kapwa nakababata at nakatatandang henerasyon sa pagbubuo ng NAP. Habang nabanggit ng ilang kalahok na mahalaga ang intergenerationality para sa agenda ng YPS, ipinunto rin nila ang kahalagahan ng mga espasyo para lamang sa kabataan. Ang pangangailangan na ito ay nagmula sa patuloy na karanasan ng marginalisasyon, paghihiwalay, pagpapalamuti, at pagmamaliit na nakaharap ng nakababatang henerasyon sa iba't ibang pormal at impormal na espasyo sa paggawa ng desisyon. Ang pagtugon sa

di-pagkakapantay-pantay ng kapangyarihan ang nasa kaibuturan ng makabuluhan at inklusibong ugnayan ng iba't ibang henerasyon para sa matagumpay at nagpapatuloy na NAPYPS.

Ang mga intergenerational engagement sa proseso ng pagbubuo ng NAPYPS ay hindi dapat tingnan bilang isang pormula o lapit. Sa halip, kinakailangan ang pagkilala sa mga espasyo at oportunidad para sa pagpapalago ng patas na pagtutulungan ayon sa kultura at lipunan na naaayon sa konteksto. Hindi ibig sabihin nito ay balewalain ang kaalaman at gawaing pangkultura, tulad ng mga Katutubong tradisyon at paniniwala, kundi maghanap ng mga paraan kung saan ang kabataan ay patas na kinikilala at pinakikinggan sa mga espasyong ito para lumikha ng makabuluhang ugnayan at palitan sa pagitan ng mga henerasyon. Kailangan ding kilalanin na ang mga kultural at panlipunang tuntunin ay maaaring hinubog ng pagkiling sa edad at patuloy na negatibong pagtingin sa kabataan.

Dagdag pa, habang magkaiba ang konsultasyon at dayalogo sa pagitan ng henerasyon, binigyang-diin ng mga kalahok na maaari pa ring maganap ang intergenerational engagement sa loob ng konsultasyon. Dahil dito, kailangan na may pangako sa pakikinig at pakikisangkot sa kabataan sa halip na kalapin ang kanilang pananaw para isulong ang mga layuning pang-institusyon na pinamumunuan ng mga nakatatanda. Kinakailangan din ang malinaw na pagkilala na sa huli ang mga institusyon ang gumagawa ng panghuling desisyon bilang mga tagapagpatupad, ngunit ang kabataan ay maaari ring maging bahagi ng proseso ng pagpapatupad.

Mahalaga ang intergenerational engagement sa pagtiyak ng tumutugon at nakikisangkot na pagbubuo ng patakaran sa proseso ng pagbubuo ng NAPYPS. Ang pagbibigay-pansin sa umiiral na ugnayan sa pagitan ng henerasyon, sadyang paglikha ng mga espasyong patas at may paggalang, at pangako sa patuloy na pakikisangkot at parehong pagtitiwala sa kabuuan ng proseso ay maaaring makapag-ambag sa matagumpay na paglikha at pagpapatupad ng NAPYPS. Nakasalalay sa intergenerational engagement ang YPS agenda, ngunit ang mga interaksyong ito ay hindi maaaring ipagsawalang bahala. Ang ulat na ito ay nagbibigay ng panimula para sa mga propesyonal at iskolar ng YPS para malinaw at maingat na maisip ang kahulugan ng intergenerational engagement at kung paano ito maipalalaganap sa paraang nananatili para sa kapayapaang nananatili at inklusibo sa kabataan.



# MGA SANGGUNIAN NA BINANGGIT

[1] Tanghøj, Erike. (2023). Connecting Generations. A Guidance Note on Inclusive Intergenerational Dialogue. Folke Bernadotte Academy. https://fba.se/om-fba/publikationer/connecting-generations-a-guidance-note-on-inclusive-intergenerational-dialogue/; Valladares Gonzalez, Ingrid (2024) Exploring Intergenerational Dialogue in Youth-Led Social Movements: The Case of Yasunidos in Ecuador. PhD thesis, QUT .https://eprints.qut.edu.au/253511/; Valladares, Ingrid (forthcoming, 2026). Young environmental activism and intergenerational structures in social movements. In S. Akram & B. Bowman (Eds.), Routledge Handbook of young people's environmental activism. Routledge.

[2] Napagpapalit ang paggamit ng 'non-youth' at 'adult' sa ulat na ito. Marami sa mga nakikilahok bilang 'kabataan' ay mga legal na adult Gayumpaman, nauunawaan namin na ang mga kategoryang ito ay nabuo lamang ng politika at lipunan, at humuhubog sa pakikisangkot sa prosesong sinusuri.

[3] Kwon, Soo Ah. (2019). "The Politics of Global Youth Participation." Journal of Youth Studies 22 (7): 926–40; UNOY (2021). Checklist for Meaningful Youth Engagement. https://unoy.org/downloads/mye-checklist/

[4] Malawakan nang iniangkop na ang NAPs sa Women, Peace and Security (WPS) agenda, at mayroon ng 115 NAPs sa WPS sa buong mundo.

[5] Ulkoministeriö. (2021). Nuoret, rauha ja turvallisuus: Suomen kansallinen toimintaohjelma 2021–2024. https://um.fi/publications/-/asset_publisher/TVOLgBmLyZvu/content/nuoret-rauha-ja-turvallisuus-toimintaohjelma

[6] Federal Ministry of Youth and Sport Development and UNFPA Nigeria (2021). Nigerian National Action Plan on Youth, Peace and Security. https://nigeria.unfpa.org/en/publications/nigerian-national-action-plan-youth-peace-and-security

[7] Ministère de la Jeunesse de la République Démocratique du Congo (2022). Plan d'Áction National de la Résolution 2250 du Conseil de Sécurité Nations sur Jeunesse, Paix et Sécurité. https://cnxus.org/wp-content/uploads/2025/01/PAN2250-SIGNE-PAR-LE-MINISTRE-RDC.pdf

[8] Mahalagang tandaan na habang nailunsad na sa publiko ng pamahalaan ng Pilipinas ang kanilang NAPYPS, hindi na nailalathala ang patakaran at hindi pa naipatutupad.

[9] Valladares, 'Exploring Intergenerational Dialogue'

[10] Tanhøj, 'Connecting Generations'

